

1

Parang binabayo ang ulo ni Jace nang magising dahil sa ingay ng stereo sa kabilang bahay. Mag-a-alas seis na ng umaga nang siya ay nakatulog dahil hindi pa nakapag-adjust ang body clock niya sa oras sa Pilipinas at may jet lag pa siya. Pero eto nga, alas ocho pa lang ngunit, nagising na siya sa ingay.

Inis siyang bumangon at dinungaw ang nakatira sa kabilang bungalow. Ngunit wala siyang nakitang tao sa malawak na covered porch.

Bumalik siya sa silid at nagsuot lang ng shorts at sando bago bumaba. Salubong ang mga kilay na lumabas siya ng bahay at derecho sa kabila. Hindi niya binitiwang ang buzzer hangga't walang nagbubukas ng gate.

Pawisan ngunit noon pa lang nag-iinit sa pagsasayaw si Elina Bernardez. Walang patlang na tunog ng buzzer ang pumukaw sa kanya.

“Sino ba itong istorbo na ito?” Yamot na pinatay niya ang stereo at lumabas. “Sandali!” sigaw niya dahil mukhang gigil na gigil na ang kung sinuman na nasa kabila ng gate.

Napigil sa lalamunan ang inihanda niyang litanya nang tumambad sa kanya ang matangkad na lalaking halos magbuhol na ang mga kilay. Ang isang daliri nito ay nakadiin pa rin sa

buzzer.

“Ikaw ba ang nakatira diyan?”

Natural, ako ang nagbukas ng gate di ba? aniya sa isip. “Oo. Ako nga. Ano ba ang problema?”

“P’wede bang paki-tone down naman iyang stereo mo? Hindi lang ikaw ang nakatira dito sa subdivision. Nakakabulahaw ka kasi.”

Tumaas ang isang kilay niya.

Suplado?

“Pasensya na. Hindi ko kasi alam na may nakalipat na diyan.”

“Nakita mo nang may nakaparadang sasakyan. Ano ’yan, kusang pumarada diyan nang walang driver?”

At may pagkapilosopo!

Hmph! Kung hindi ka lang guwapo, baka nakatikim ka na sa akin.

She tried to stay calm kahit halatang umuusok na ang ilong ng lalaki sa galit. But even in his furious state, hindi pa rin nakaligtas sa mapanuring mga mata niya ang gandang lalaki nito. Pangahang mukha na may tubo ng manipis na balbas, pinong mga labi, may katangusang ilong, deep-set na mga mata at makakapal na kilay. He had short hair na halatang hindi pa

nasusuklay. Matangkad ito at matipuno, iyong tipong batak sa workout ang katawan but not overly muscled.

“Ano, may sasabihin ka ba?” pauyam na tanong nito.

“Humingi na nga ako ng pasensya, di ba? Huwag kang mag-alala, ito-tone down ko na ang music,” aniyang sinabayan pa ng isang matamis na ngiti. Pero walang epekto iyon sa binata.

Umismid lang ito at saka siya iniwan.

Napanguso na lamang siya.

Guwapo nga, suplado naman. At daig pa ang may period, ang lakas ng topak!

Isinara na niyang muli ang gate at bumalik sa loob. Ini-on niyang muli ang stereo, sinigurong mahina lang ang volume, at ipinagpatuloy ang pagsasayaw.

Pinag-aaralan niya ang sayaw na lambada. Plano kasi niyang sumali sa reality dance competition na *La Danza de Amor* na magsisimula na ang audition sa Pebrero. Kalagitnaan na noon ng Nobyembre.

Maliit pa siya ay hilig na talaga niya ang pagsasayaw. At kahit wala siyang formal training ay marami ang nagsasabi sa kanya na magaling siya. Ilang dance competition na rin ang ipinanalo niya noong teenager pa siya.

When she graduated from college, pansamantala niyang

kinalimutan ang kanyang pangarap na maging isang full-time dancer. Kailangan niya kasing magtrabaho para makatulong sa kanyang mga magulang.

Wala na siyang pinapag-aral ngayon dahil nakatapos na ng kursong Engineering ang bunso niyang kapatid. At stable na rin ang mini-grocery na naipatayo niya para sa mga magulang niya. Kaya naman, after seven years of working as an assistant manager for a call center, nag-decide siyang iwan ang kanyang lucrative job para pagtuunan ng pansin ang kanyang first love—dancing.

Pansamantalang nawala sa isip niya ang guwapong kapitbahay nang magsimula na siyang gumiling.

Nang makabalik sa kuwarto ay pinilit ni Jace na makatulog muli. Pero tinakasan na siya ng antok. Inis na tumayo siya at pumasok na lamang sa shower para maligo. Mas mabuting lumabas na lamang siya kaysa maghaponing magmukmok sa loob ng bahay.

Pagkatapos magbihis ay inilabas niya ang latest model ng *Mitsubishi Montero Sport* at binagtas ang daan patungo sa Sta. Rosa. Bibisitahin niya ang kaibigang si Guiller.

“Hanggang ngayon talaga hindi pa rin ako makapaniwalang nagpakasal ka na.”

Ngumiti lang ito. Mas lalong lumapad ang ngiti nito nang

umupo sa tabi nito ang asawang si Maia.

“Bakit naman? I’m way past the marrying age. And besides,” anito tinitigan at inakbayan ang kabiyak, “sinong lalaki na nasa matinong pag-iisip ang tatanggi sa babaeng ito?”

Kinurot ni Maia ang asawa sa tagiliran. Natatawa namang binigyan ito ni Guiller ng isang mabilis na halik.

Siya ang naiilang sa nakitang sweetness ng mag-asawa. Kung sana ay kasing-palad din siya ng kaibigan pagdating sa babae. Pero karma na yata niya iyong nangyari sa London. Kilala kasi siyang playboy lalo na noong nasa college pa sila.

They attended the same school. Magkaiba nga lamang sila ng kurso. But even before college, matalik na silang magkaibigan. Kung minsan nga’y napapagkamalan silang magkapatid dahil medyo may pagkakahawig sila. But Guiller had been the less reckless one. Tahimik ito at seryoso at kahit marami ring umaaligid na kalahi ni Eba rito ay hindi ito nagbilang ng babae. Samantalang siya ay isang certified gigolo.

“You should get married, too!”

Napahalakhak siya.

“I will kung may ipapakilala kang kakambal niyang asawa mo.”

Nawala ang ngiti nito at tinaasan pa siya ng kilay.

“Well, ang malas mo dahil nag-iisa lang ito.”

“Ugh!” Eksaherado niyang hinawakan ang dibdib. “Then I guess I’ll die an old, lonely and solitary man.”

Nagkatawanan sila.

“Makikita mo rin ang one true love mo, Jace. Malay mo naman, nasa paligid mo lang siya’t hindi mo lang pinapansin.”

Sa sinabi ni Maia ay naalala niya ang kapitbahay na kinompronta niya kanina. Hindi niya ito gaanong nabistahan. But his trained eyes remembered how cute she was. But definitely not his type.

Ipinilig niya ang ulo.

“Ang mabuti pa’y tulungan ko na si Manang sa kusina. Jace, dito ka na mananghalian.”

“Oo ba. Hindi ko tatanggihan iyan.”

Nang iniwan sila ng babae ay ipinagpatuloy nila ni Guiller ang kuwentuhan. Pahapyaw nitong ikinuwento ang sariling love story. At hindi niya maiwasang mainggit sa kaibigan. Halatang-halata kasi kung gaano ito kasaya.

“Paano iyan, Pare, malapit ka na palang umalis. Mami-miss mong tiyak ang mag-ina mo.”

“Oo nga, eh. Lalo na ngayon.”

Makahulugan itong tumitig sa kanya with that impish grin. Nakuha naman niya kaagad ang ibig nitong sabihin.

“Ilang buwan na?” nakatawang tanong niya.

“One month pa lang. Ninong ka.”

Nakatawang nakipag-toast siya rito.

As promised, he stayed for lunch. Hindi rin siya nakauwi kaagad dahil itinuloy nila ang pagkukuwentuhan kasama ang papa ni Guiller. Mukhang nakatuwaan din siya ng adopted son ng mag-asawa na si Ian dahil ayaw nitong humiwalay sa kanya. Tuloy ay inabot na siya ng dinnertime at mag-a-alas nueve na ng gabi nang siya ay nakauwi.

Matapos maigarahe ang *Montero Sport* ay umibis ng sasakyan si Jace at pumasok sa side door ng modern Zen-type house na nabili niya dalawang taon na ang nakakaraan. Napangiti siya nang naalala ang pagbabagong napansin sa kaibigan. There was this unmistakable peace and contentment on his face na hindi niya mapigilang kainggitan.

Binuksan lang niya ang ilaw sa front door. Hindi na niya ini-on ang ilaw sa sala at derecho nang umakyat sa kanyang silid sa second floor. Naghubad siya ng damit at pumasok sa shower. Ilang minuto lang ay nakaupo na siya sa railings ng second floor terrace clad in his boxers and with a glass of brandy in his hand.

Malalim siyang napabuntong-hininga. Hanggang ngayon

ay hindi pa rin nakakapag-adjust ang katawan niya sa oras sa Pilipinas. Kuuwi lang niya noong makalawa mula sa London. He had been a pilot for *British Airways* for eight years.

Had been! Dahil nag-resign na siya. At isa iyong bagay na ayaw sana niyang gawin pero kailangan, para makaiwas na lang sa eskandalo.

He had an affair with one of the flight attendants. Huli na nang malaman niyang boyfriend din pala nito ang isa sa mga co-pilots niya. Pinapili niya si Beatrice kung sino sa kanilang dalawa ang talagang gusto nito. Pero hindi nito gustong mamili. Puwede naman daw na dalawa sila. That, he couldn't take.

Aminado siyang playboy siya. Pero ni minsan ay hindi siya nakipagrelasyon sa dalawang babae nang sabay. At walang dahilan para pumayag siya sa ganoong sitwasyon. Kaya para wala na lang gulo, at dahil kaibigan din niya si Harold, siya na lamang ang umiwas.

Muli siyang napabuntong-hininga.

Mabuti pa si Guiller, nakapag-settle down na.

Deep inside, gusto na rin niyang lumagay sa tahimik. Pero sa dinami-rami ng nakarelasyon niyang babae, he still hadn't found the right one.

He took a sip from his glass just as his eyes caught movement from the other side of the fence, doon sa katabi niyang bahay.

Naalala niya ang kapitbahay. She must be one hell of a busy body.

But still not his type.

“Sigurado kang okay lang sa iyo?” tanong ni Elina sa kaibigang si Valerie na kausap niya sa telepono. “I mean baka biglang umuwi sina Tita Becky.”

Ang bahay na kasalukuyan niyang tinutuluyan ay bahay nito. Pero dahil nag-asawa na ito ay nakatira na ito sa bahay ni Lyndon, ang napangasawa nito. Doon siya pinatira ng kaibigan para hindi na siya umupa pa ng apartment. Isang linggo na siya roon. Pero sa tuwing nagkakausap sila sa telepono ay inaatake pa rin siya ng hiya.

“Ano ka ba? Sa 2013 pa ang bakasyon nina Mommy from Florida, kaya wala kang dapat ipag-alala. Solong-solo mo ang bahay.”

“Nakakahiya naman kasi.”

“Ano ba ang nakakahiya? Maaasikaso mo ang bahay namin. Malilinis mo. And you’ll be paying for the bills. Ako nga ang dapat magpasalamat sa iyo.”

Natawa siya.

“P’wede bang tigilan mo na ’yang kasasabi na nahihiya ka? Para ano pa’t naging best friends tayo.”

“Oo na nga. Salamat, ha?”

“No problem. Basta bahala ka na diyan sa bahay. Kung may kailangan ka, tawagan mo lang ako. And do take care. Hindi delikado ang lugar na iyan, pero alam mo na ang panahon ngayon. At nag-iisa ka lang ’tapos babae ka pa.”

“Naku, takot lang nila sa akin! Small but terrible ito, ’no!”

Narinig niyang humalakhak si Val sa kabilang linya. Mayamaya ay nagpaalam na ito dahil matutulog na raw silang mag-asawa. Nangako itong bibisitahin siya sa weekend kasama si Lyndon.

Ipinatong ni Elina ang cellphone sa mesita, tumayo at nanungaw sa bintana. Di-sinasadyang mapatingala siya sa terasa ng katapat na bahay. Walang ilaw sa buong first floor, and only a dim light illuminated the one room facing her. At sa terrace ay may pigura ng isang taong nakaupo.

Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga. The figure wasn’t moving, pero malakas ang pandama niyang nakatitig ito sa kanya. At may hula na siya kung sino iyon. Na-conceal ng mapusyaw na ilaw ang mukha nito, but not his muscular and well-toned body. At parang gusto niyang maglaway sa ma-muscle nitong katawan. His were just... perfect!

Bigla ay naramdaman niya ang mabilis na pagsikdo ng dibdib, at iyong pakiramdam na animo’y biglang uminit ang kanyang paligid. Di-sinasadyang naipaypay niya ang isang palad

sa mukha.

Nang muli niyang sulyapan ang anino ay tumayo ito. He propped his hands on the railings at may dinungaw sa ibaba. Nakagat niya ang pang-ibabang labi dahil sa nadamang kilig.

Nang pumasok ang lalaki ay nakadama siya ng panghihinayang. Mas lalo nang patayin nito ang ilaw sa inookupahang silid.

Malalim ang buntong-hiningang pinakawalan ni Elina bago isinara ang bintana. Siniguro rin niyang naka-lock na ang lahat ng pinto. Nang masigurong safe na siya sa loob ay pinatay na rin niya ang ilaw sa sala at pumasok sa dating bedroom ng kaibigan, kung saan niya napiling matulog. Kumuha siya ng pantulog sa loob ng cabinet. She went under the shower and squealed like a child dahil sa malamig na tubig na umagos sa kanyang katawan. Ngunit nang bumalik ang imahe ng lalaki sa terrace sa kanyang isip, pakiramdam niya ay naging maligamgam ang bawat patak ng tubig na tumutulo mula sa shower.